

Register ng Wikang de Bangka sa mga piling lungsod ng Zamboanga del Norte: Isang kalipunan

Gerudias, Jayson Romano

Jose Rizal memorial State University, Dipolog Campus, Philippines (jaysongerudias13@gmail.com)

Ramirez, Michael D.

Jose Rizal memorial State University, Dipolog Campus, Philippines (michaeldalmanramirez@gmail.com)

Gutib, Regine E.

Jose Rizal memorial State University, Dipolog Campus, Philippines (Reginegutib309@gmail.com)

Sescon, Ma. Estela A. ✉

Jose Rizal memorial State University, Dipolog Campus, Philippines (maestelasescon@jrmsu.edu.ph)



ISSN: 2243-7703

Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Received: 30 December 2024

Revised: 27 January 2025

Accepted: 15 February 2025

Available Online: 20 February 2025

DOI: 10.5861/ijrse.2025.25843

Abstract

Ang pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ay makabuo ng leksikograpiya ng mga register ng wikang de Bangka sa Zamboanga del Norte batay sa katawagan at deskripsyon ng mga isda; katawagan ng mga kagamitan sa pangangisda at klasipikasyon ng mga isdang makukuha ayon sa iba't ibang uri ng kagamitan sa pangangisda para magamit, mapreserba at maipamana sa mga susunod na henerasyon ang mga register ng wikang de Bangka sa mga piling pook ng Zamboanga del Norte. Ang pananaliksik ay ginamitan ng kwalitatibong pamamaraan na uri ng pananaliksik. Ang mga instrumentong ginamit sa pangangalap ng datos ay obserbasyon, pakikipanayam o (FGD) at talatanungan at ang mga kalahok ay napili sa pamamagitan ng purposive sampling. Batay sa resulta ng pag-aaral, natukoy ang katawagan at deskripsyon ng mga isda, katawagan at deskripsyon ng mga kagamitan sa pangangisda at klasipikasyon ng mga isdang nahuhuli ayon sa gamit at ayon sa haba ng karanasan, minanang tradisyon at kinagisnang kultura. Iminumungkahi ng pag-aaral na maipakilala ang register ng wikang de-bangka sa lokal, nasyonal at internasyonal na larang para sa preserbasyon ng pamanang kultura at tradisyon ng wikang de bangka sa pamamagitan ng distribusyon ng awtput ng pag-aaral sa lahat ng opisina ng gobyerno maging sa social media.

Keywords: register, wikang de-bangka, isang kalipunan, katawagan ng mga isda, katawagan ng mga kagamitan sa pangangisda

Register ng Wikang de Bangka sa mga piling lungsod ng Zamboanga del Norte: Isang kalipunan

1. Introduksiyon

Kahalagahan ng Pag-aaral - Isa sa mandato ng Saligang Batas ng Konstitusyon ng Pilipinas Artikulo XIV Seksyon 7 ay ang paglinang, pagpapayabong at pagpapayaman ng wikang pambansa ng Pilipinas na nasasalig sa ibat-ibang wikain sa Pilipinas. Kung kaya, ang konggreso ay nagpatupad ng isang batas para sa pangangasiwa ng wikang pambansa. Ayon sa batas Republika Blg 7104 naitatag ang Komisyon ng Wikang Filipino o KWF noong Agosto 14, 1991 para sa pangangasiwa sa pagpapayabong ng wikang pambansa. Isa sa mga tungkulin ng Komisyon ng wikang Filipino (KWF) ay repositoryo ng mga wika at kultura. Ang preserbasyon, pagpapakilala at pagdebelop ng kulturang sakop ng karagatan o register ng wikang de bangka ay isang malaking hakbang para maisakatuparan ang adhikain ng Komisyon ng Wikang Filipino alinsunod sa tuntunin ng batas.

Pangunahing Layunin - Ang pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ay makabuo ng leksikograpiya ng mga register ng wikang de Bangka sa Zamboanga del Norte batay sa katawagan at deskripsyon ng mga isda, katawagan ng mga kagamitan sa pangangisda at klasipikasyon ng mga isdang makukuha ayon sa iba't ibang uri ng kagamitan sa pangangisda para magamit, mapreserba at maipamana sa mga susunod na henerasyon ang mga register ng wikang de bangka sa piling pook ng Zamboanga del Norte.

Kaugnay na Literatura at Kaugnay na Pag-aaral - Ang bansang Pilipinas ay mayroong humigit-kumulang 135 na wika at dayalek (KWF, 2024). Isa sa mga dahilan ng pagkakaroon ng maraming wika sa isang bansa ay dahil sa heyograpiya o lokasyon nito. Ang pagiging hiwalay na kapuluan ng bansa ay isang dahilan ng pagkakaroon ng iba't ibang anyo at hugis ng wika sa iba't ibang kapuluan sa Pilipinas. Ang ganitong pangyayari ay nagpapaliwanag ng pagkakaroon ng iba't ibang barayti ng wika na katulad ng register ng wikang de Bangka sa Zamboanga del Norte na kailangang unawain. Nagkakaroon ng varyasyon maging sa mga katawagang kultural dahil sa ganap na naisasakultura ang mga gawaing kultural na napahiwalay sa maliit na pangkat.

Pinatotohanan ito sa nagawang pag-aaral ni Gorumba (2021) na pinamagatang “Morpholohikal na Pagsusuri sa Wikang Ceb-Waray”, ang Pilipinas ay magkahiwa-hiwalay na pulo at hindi maiiwasan kahit na kasama sa rehiyon ay may iba't ibang register ng wika at may pagkakaiba ng mga termino at salita kaya nagkaroon ng partikular na katawagan ang wikang ginagamit ng mga tao na bumubuo sa rehiyon. Sinang-ayunan naman ito sa nagawang pag-aaral ni Hernandez (2020) na pinamagatang “Language Register in Dried Fish Preservation in Calatagan, Batangas, Philippines” na mayroong register ng wika na ikinategorya ayon sa klase ng tagapagsalita, lokasyon, heograpikal, trabaho at iba pa.

2. Pamamaraan ng Pag-aaral (Methodology)

Ang pananaliksik ay ginamitan ng kwalitatibong pamamaraan na uri ng pananaliksik. Ang mga instrumentong ginamit sa pangangalap ng datos ay obserbasyon, pakikipanayam o (FGD) at talatanungan. Ang mananaliksik ay gumamit ng talatanungan na naglalaman ng mga larawan ng mga isda at mga kagamitan sa pangangisda habang nakikipanayam para mapadali ang pagkuha ng mga datos sa katawagan at deskripsyon ng mga isda na nasa talatanungan at gayundin sa katawagan ng mga kagamitan sa pangangisda na nasa larawan din ng talatanungan. Ang balidasyon ng instrumento o talatanungan na ginamit sa pananaliksik ay dumaan sa mga eksperto kung kaya ang mga talatanungan na nabuo at ginamit ng mga mananaliksik ay maayos at balido.

Ang pananaliksik na ito ay naganap sa mga piling lungsod ng Zamboanga del Norte, Ikalawang Semestre ng Taong Panuruan 2022- 2023 hanggang Unang Semestre, Taong Panuruan 2023-2024. Ang pananaliksik ay naganap sa Barangay ng Tamil sa lungsod ng Jose Dalman at Barangay Barra sa Siyudad ng Dipolog na

matatagpuan sa hilagang kanluran sa probinsya ng Zamboanga Del Norte. Ang mga kalahok ng pananaliksik ay ang mga piling mangingisda ng Barangay Tamil sa lungsod ng Jose Dalman at Barangay Barra sa Siyudad ng Dipolog. Ang naging batayan sa pagpili ng naging kalahok na mga mangingisda sa Brgy. Tamil, Jose, Dalman at kalahok na mula sa Brgy. Barra, Dipolog City ay ayon sa edad mula sa pinakamatanda hanggang sa pinakabata na mangingisda, bilang ng taon ng paninirahan sa kung saan sila nangingisda, at ang bilang ng taon sa pagiging mangingisda na ginamitan ng purposive sampling na pamamaraan ng pagpili.

Ang mananaliksik ay gumawa ng Work Plan o GAANT chart (Apendiks A) para maging gabay sa pangangalap at pagkolekta ng datos. Para makakuha ng Certificate of Instrument Validation ang mga mananaliksik ay pumunta sa Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR)- Zamboanga del Norte noong Setyembre 1, 2023 at kasunod na pinuntahan ng mga mananaliksik ay ang dalawang guro sa agham ng Jose Rizal Memorial State University- Dipolog Campus. Ang mananaliksik ay pumunta rin sa Brgy. Tamil, Jose Dalman noong ika- 20 ng Oktubre, 2023 upang humingi ng permiso sa Punong Barangay at noong ika- 25 ng Oktubre, 2023 ay pumunta ang mananaliksik sa Pangulo ng mga mangingisda upang humingi ng permiso sa pamamagitan ng liham pahintulot sa Punong barangay at Pangulo ng mangingisda kung kalian gagawin ang surbey at pakikipanayam. Naisakatuparan ang mga gawain ng pangangalap at pagkolekta ng datos at maayos na nailahad sa mga panelist ang pag-aaral para sa mga kawastuhan at suhestiyon na ikabubuti ng pag-aaral.

Ang mga mananaliksik ay naghandang gabay na tanong para sa Focus Group Discussion (FGD) at pumunta noong ika- 7 ng Enero, 2024 sa Brgy. Tamil, lungsod ng Jose Dalman, Zamboanga del Norte upang doon unang isagawa ang aktwal na surbey na batay sa napagkasunduang araw sa paggawa ng surbey at gayundin sa Brgy. Barra na naisagawa ang aktwal na surbey noong Enero 9, 2024. Ang mga mananaliksik ay gumamit ng rekorder upang mas makuha ang kanilang mga kasagutan at mas maging madali ang pag-aanalisa. Ang pananaliksik ay natapos at nailahad sa mga panelist noong Abril, 2024.

3. Resulta ng Pag-aaral

Ang mga nakalap na datos mula sa isinagawang sarbey at ang mga voice recorded ng pakikipanayam ng mga mananaliksik sa mga kalahok ay naitala kung saan parehong hinango ang konsepto at phenomenal na tema ng pag-aaral. Ang mga naging tugon ng mga mangingisda na naging kalahok ay nilapatan ng masusing interpretasyon o analisis.

3.1 Paglalahad, Interpretasyon, at Pagpapakahulugan ng Resulta ng Pag-aaral

Napag-alaman ng mananaliksik batay sa pakikipanayam o Focus Group Discussion na magkapareho ang naging tugon ng mga kalahok na mula sa Brgy. Barra, Syudad ng Dipolog at Brgy Tamil, Jose Dalman ng mga katawagan at deskripsyon ng mga isda at kagamitan maging sa klasipikasyon ng mga isdang makukuha ayon sa gamit ng pangangisda na ang dahilan ay maaaring dahil magkalapit lang ang dalawang piling lugar ng pag-aaral. Sinang-ayunan ito sa pag-aaral nina Si,et. al., (2023) na pinamagatang “Patterns in fish naming ability in two fishing communities of Myanmar”, na maaaring magkaroon ng mataas na antas ng pagkakaiba-iba sa tradisyonal na kaalamang ekolohikal lalo na sa katawagan sa mga isda at sa pangangisda ang isang komunidad mula sa iba’t ibang malalayong lugar. Ang pagkakaroon ng lokal na kaalaman ayon sa katawagan sa pangangisda sa loob isang komunidad ay hindi magkaiba sapagkat ito na ang nakanasanayan nilang mga katawagan sa mga isda na naging parte na ng kanilang kultura bilang isang mangingisda ngunit pagdating naman sa ibang lugar ay mayroon din silang sariling katawagan ng mga isda na nakabatay sa kanilang nakasanayang katawagan.

3.2 Katawagan at deskripsyon ng mga Isda

Mapapansin sa naging tugon ng mga kalahok na ang katawagan at deskripsyon ng mga isda ay natutukoy ayon sa haba ng karanasan ng mga kalahok at ayon din sa anyo, hugis, laki, at kulay ng isda. Ayon sa mga kalahok na mangingisda na lahat ng mga nabuong katawagan ng mga isda ay nakuha at natutunan din nila mula sa mga nakatatanda.

Sinusuportahan ito sa pag-aaral nina Suatengco at Joaquin (2019), nabanggit sa kanilang pag-aral na sa pamamagitan ng lokal na kaalaman ay naipakita nito ang pinagmulan ng wika at ang pagkakaroon ng mga impormasyon ayon sa pagkamalikhaing gamit ng wika na naaayon sa katangian na pinaggagamitan ng isang wika at dahil ang wika ang nagiging representasyon ng mga karanasan sa kapaligiran. Pinapangalawahan naman ito sa pag-aaral nina Nakagawa, et. al., (2021) na ang *local ecological knowledge* ay nagmula sa karanasan ng mga tao sa pakikipag-ugnayan na may mga sistemang ekolohikal sa kanilang pang-araw-araw na buhay at ang pagkakaroon ng katawagan ng mga isda ay isang lokal na kaalaman na maaaring napapaloob sa kontekstong pangkasaysayan at kultural sa loob ng isang lokal na pamayanan. Naniniwala rin ang mga kalahok na lahat ng mga nabuong katawagan ng mga isda ay nakuha at natutunan din nila mula sa mga nakakatanda. Pinatunayan ito sa pag-aaral nina Ramires, et. al., (2015) na ang kaalaman sa katawagan sa mga isda ay maaaring ituring bilang isang intelektwal na tradisyon, na maaring mailipat sa mga tao at sa pagitan ng mga henerasyon kung kaya naipamamana ng mga matatandang mangingisda ang katawagan ng mga isda na malimit nilang mahuhuli.

3.3 Katawagan ng mga kagamitan sa pangngisda

Batay sa mga naging tugon ng mga kalahok, ang dahilan sa pagkakaroon ng kaalaman tungkol sa mga katawagan sa mga kagamitan sa pangngisda ay dahil sa pangangailangan ng pagagamitan ng mga ito; kung paano ito ginagamit at ano ang pinaggagamitan nito. Sinusuportahan ito sa pag-aaral ni Singh (2021) dahil nabanggit sa kanyang pag-aaral na mayroong iba't ibang uri ng mga gamit sa pangngisda na may iba't ibang sukat at haba, kasama na ang lugar kung saan ito gagamitin at karamihan sa mga gamit sa pangngisda ay ginamit sa lahat ng panahon at ang iilan ay ginagamit lalo na kapag ang antas ng tubig ay natuklasang angkop para sa kanilang paggamit at nakadepende rin sa mga katangian ng mga isda na kung saan pinagbabatayan ayon sa wastong paggamit nito. Ang mga katawagan ng mga kagamitan sa pangngisda ay namana rin mula sa mga matatandang mangingisdang gumamit nito. Ang mga kaalaman sa katawagan ng mga kagamitan sa pangngisda mula sa mga naunang mangingisda na hanggang sa kasalukuyan ay gayudin ang katawagan nito. Pinatunayan ito sa pag-aaral ni Abdullah (2015) na ang lokal na kaalaman ay masasalamain ayon sa paraan ng paggamit ng mga mangingisda batay sa likas na kapaligiran at ang mga katawagan sa mga kagamitan sa pangngisda at ang mga paraan ng paggamit nito ay minanang mga alituntunin na ibinigay ng mga ninuno na sumasalamain sa kultural na karunungan, pang-ekonomiyang karunungan at heyograpikal na karunungan kung kaya naipamamana rin sa mga matatandang mangingisda sa mga batang mangingisda ang mga kagamitan sa pangngisda.

3.4 Klasipikasyon ng mga isdang makukuha ayon sa iba't ibang uri ng kagamitan sa pangngisda

Likas sa mga mangingisda ang pagkakaroon ng iba't ibang huli ayon sa kagamitan at sa paraan ng paggamit nito katulad na lamang ng mga kagamitan sa pangngisda na pangkamay, mga bitag, at lambat. Bawat kagamitan ay may taglay na kakayahan na makahuli ng iba't ibang uri ng isda batay sa wastong paraan at sapat na kaalaman kung paano gamitin ang iba't ibang uri ng mga kagamitan sa pangngisda.

Talahanayan 1

Mga Tema ng Pag-aaral

Tema	Pangunahing Kategoriya	Pangalawang Kategoriya
Katawagan at deskripsyon ng mga isda	1.a.Pamanang kultural	Narinig at natutunan ang mga katawagan ng mga isda mula sa matatandang mangingisda. Naipapasa ng mga matatandang mangingisda sa mga batang mangingisda ang katawagan ng mga isda sa piling lugar na kinabibilangan. Ang katawagan ng mga isda ay nagsisilbing kasaysayan at pagkakilanlan ng wikang de bangka na magiging representasyon ng nakaraan, kasalukuyan at hinaharap.
	1.b. Batay sa Karanasan	Ang karanasan sa pangngisda ay nagbibigay ng kaalaman sa mga mangingisda sa pagtukoy ng katawagan at deskripsyon ng mga isda. Ang kinagisnang gawi o karanasan ay sapat na kaalaman para matukoy ang katawagan at deskripsyon ng iba't ibang uri ng isda na batay sa kulay, laki at hugis ang pinagbabatayan ng

Katawagan ng mga kagamitan sa pangingisda	2.a. Pang-ekonomiyang karunungan	deskripsyon. Pagkabuo ng katawagan ng mga kagamitan sa pangingisda dahil sa pangangailangan at pag-aaral ng paraan ng paggamit nito.
	2.b. Pangheyograpikal na karunungan	Nabuo ang mga katawagan sa mga kagamitan sa pangingisda dahil sa kinagisnang gawi at karanasan na kalimitan sa mga mangingisda ay nakataira sa tabi ng dagat.
	2.c. Kultural na Karunungan	Nakuha ng mga mangingisda ang katawagan ng mga kagamitan sa pangingisda at sa paraan ng paggamit nito dahil naituro at naipamana ang katawagan at gamit nito mula sa mga matatandang mangingisda.
Klasipikasyon ng mga isdang makukuha ayon sa iba't ibang uri ng kagamitan sa pangingisda	3.a. Tamang kagamitan sa pangingisda	Paggamit ng angkop na kagamitan na naayon sa kapaligiran ng tubig.
	3.b. Pamanang kultural	Natutukoy ang iba't ibang uri ng isda ayon sa iba't ibang uri ng kagamitan sa pangingisda dahil naituro at naipamana ang mga paraan at paggamit nito para sa ibat ibang uri ng isda mula sa mga matatandang mangingisda.
	3.c. Sapat na kaalaman at karanasan	Pagkakaroon ng sapat na kaalaman sa paggamit ng iba't ibang uri ng kagamitan sa pangingisda. Nakakuha ng ideya kung saan makukuha ang uri ng isda ayon sa kung anong uri ng kagamitan sa pangingisda ang gagamitin.

3.5 Pala- palagay na nabuo sa pag-aaral (Assumption)

Batay sa mga natuklasan tungkol sa mga katawagan ng mga isda, katawagan ng mga kagamitan sa pangingisda, at klasipikasyon ng isdang makukuha ayon sa iba't ibang uri ng mga kagamitan sa pangingisda, ang pala-palagay ng kasalukuyang pag-aaral ay binalangkas:

KulPaKa: Kultural; Pamana; Karanasan

Kultural. Ang mga katawagan sa register ng wikang de bangka tulad ng katawagan at deskripsyon ng mga isda, katawagan ng mga kagamitan sa pangingisda, at klasipikasyon ng mga isdang makukuha ayon sa iba't ibang uri ng kagamitan sa pangingisda ay maituturing na isang likas na proseso ng paglikha at pagpapanatili ng kultural na kaugalian. Ang mga katawagan na ginamit sa register ng wikang de bangka ay maaaring mayroong kultural na konteksto na nauugnay sa mga tradisyon, paniniwala, at kaugalian ng komunidad ng mga mangingisda. Ang gawaing pangingisda ay maaaring magkaroon ng espesyal na kahalagahan o kahulugan sa loob ng kultura ng mga mangingisda, na kung saan ay maaaring maipapahayag sa pamamagitan ng katawagan. Ang paggamit ng partikular na register ng wika ng mga mangingisda ay maaaring maging bahagi ng kanilang identidad at pagiging bahagi ng isang komunidad. Ito ay maaaring magpapalakas sa kanilang pagkakakilanlan bilang mga mangingisda at pagpapakita ng kanilang ugnayan sa kanilang kapaligiran.

Pamana. Ang kontekstwal na kasaysayan na tumutukoy sa sosyal, ekonomikal, politikal at panrelihiyon ay may malaking impluwensya sa pagsulat at pagbuo ng register ng wikang de bangka ayon sa katawagan at deskripsyon ng mga isda, katawagan ng mga kagamitan sa pangingisda, at klasipikasyon ng mga isdang makukuha ayon sa iba't ibang kagamitan sa pangingisda. Ang register ng wikang de bangka noong kapanahunan ng mga matatanda ay naipapamana ngayon sa mga batang mangingisda na walang pagbabago sa kaligiran, kaugalian, at kondisyon na umiiral sa bawat henerasyon. Ang pagpapasa ng kaalaman mula sa henerasyon sa henerasyon ay maaaring magresulta sa pagpapanatili at pagpapalawak ng mga terminolohiyang nauugnay sa mga register ng wikang de bangka. Ang mga nakatatanda sa komunidad ay maaaring nagbigay ng mga katawagan at kahulugan sa mga bagong henerasyon, na nagbibigay ng patuloy na koneksyon sa kanilang mga pinagmulan at minanang alituntunin. Ang bawat kagamitan sa pangingisda ay may sariling terminolohiya at teknikal na pangalan na hindi basta-basta matutunan ng sinumang hindi bahagi ng komunidad.

Karanasan. Ang karanasan ay nagbibigay ng sapat na kaalaman. Ang register ng wikang de-bangka ng mga

mangingisda ay maituturing na mula sa karanasan dahil ito ay nakabatay sa pang-araw-araw na gawain at pakikipamuhay sa dagat. Ang paggamit ng mga katawagan ng mga isda at pagtukoy sa deskripsyon ng iba't ibang uri ng isda, pagtukoy sa katawagan ng mga kagamitan sa pangingisda, at pagtukoy sa klasipikasyon ng mga isdang makukuha ayon sa iba't ibang uri ng kagamitan sa pangingisda ay nagpapakita ng mataas na antas ng kaalaman sa uri ng pamumuhay mayroon ang mga mangingisda. Ang pagtukoy ng mga katawagan at deskripsyon ng mga isda ay nagpapakita ng karanasan at kaalaman sa iba't ibang uri ng isda, kung saan ito matutunan lamang ito sa mahabang panahon sa pamamagitan ng obserbasyon at pakikipag-ugnayan sa kapwa mangingisda. Ang pagkaklasipika ng mga isda ayon sa iba't ibang uri ng kagamitan sa pangingisda ay nagpapakita ng kaalaman sa mga teknik at estratehiya sa pangingisda.

Pinatutunayan ng mga pala-palagay na ang wika ay may espesyalisadong mga terminolohiya na nagpapakita ng malalim na kaalaman, karanasan at kultural na kaugalian sa uri ng pamumuhay mayroon ang mga kalahok na mangingisda

4. Kongklusyon

Ang register ng wikang de bangka ay may malalim na ugnayan sa kultura at pamumuhay ng mga taong namumuhay sa tabi ng dagat. Ang pag-aaral ng mga katawagan at deskripsyon ng mga isda, kagamitan sa pangingisda, at klasipikasyon ng mga isda ay nagpapakita ng kahalagahan ng preserbasyon ng register ng wikang de bangka. Ang pag-unawa sa register ng wikang de bangka ay nagbibigay-daan sa mas malalim na pagtuklas sa kultura at tradisyon ng isang komunidad na nakabatay ang paghahanapbuhay sa karagatan. Ang pag-aaral na ito ay mayroong malaking tulong sa sosyo-ekonomiko, preserbasyon ng kultura, at kahalagahan sa edukasyon ng isang komunidad.

Rekomendasyon

- Ang Local Government Unit (LGU) at ang Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR) ay dapat na hikayatin ang mga nagbebenta ng isda sa mga pamilihan na lagyan ng mga label ng pangalan ng isda ang bawat isdang binebenta nang sa ganoon ay hindi ito magdulot ng kalituhan sa mga mamimili.
- Ang Local Government Unit (LGU); ang Bureau of Fisheries and Aquatic Resources o BFAR; at ang Komisyon ng Wikang Filipino (KWF) ay may malaking partisipasyon na maipakilala ang register ng wikang de bangka sa lokal, nasyonal at internasyonal na larang para sa preserbasyon ng pamanang kultura at tradisyon ng wikang de bangka (katawagan at deskripsyon ng mga isda; katawagan ng mga kagamitan sa pangingisda at klasipikasyon ng mga isdang nahuhuli sa bawat kagamitan) sa pamamagitan ng distribusyon ng awtput ng pag-aaral sa lahat ng opisina ng gobyerno maging sa social media.
- Ang Department of Education (DEPED) at Commission on Higher Education (CHED) ay may partisipasyon sa pagsusulong ng pagkakaroon ng teksbuk sa lahat ng antas ng edukasyon na naglalaman ng awtput ng pag-aaral lalo na sa mga batang hindi pa lubos na naaabot ng kanilang malay ang register ng wikang de bangka.

Awtput ng pag-aaral

Ang awtput ng pag-aaral ay kinapapalooban ng leksikal na katawagan at deskripsyon ng mga isda, katawagan ng mga kagamitan sa pangingisda at klasipikasyon ng mga isdang makukuha ayon sa iba't ibang uri ng kagamitan sa pangingisda.

A. Katawagan at deskripsyon ng mga Isda (Sample only)

LARAWAN NG MGA ISDA	KATAWAGAN NG MGA ISDA	DESKRIPSYON
	Samin- Samin Scientific name: <u>Pseudocaranx dentex</u> Mula sa: <u>www.fishbase.se</u>	Malapad ang katawan at manipis, kaunti lamang ang kaliskis, may kulay puti at dilaw na katawan at matulis ang ngipin.
	Malangsi Scientific name: <u>Spratelloides delicatulus</u> Mula sa: <u>www.fishbase.se</u>	Katulad lamang ito sa isdang tuloy ngunit mas maliit at mas manipis ang katawan at kaliskis nito. Karaniwang ginagamit pang-pain sa palangre at makukuha ito gamit ang pamo,pukot at sibot.
	Sigarilyo Scientific name: <u>Decapterus macrosoma</u> Mula sa: <u>www.fishbase.se</u>	Ang balat ng isdang ito ay hawig sa isdang pirit. Makinis at walang kaliskis at karaniwang makukuha sa pukot, pamo, at pakpakan.
	Pulag-ikog Scientific name: <u>Decapterus kurroides</u> Mula sa: <u>www.fishbase.se</u>	Hugis obal ang katawan, kulay pula ang parte ng buntot o “ikug”; nasa parte ng buntot ang kaliskis, kulay asul ang parte ng likod at maputi naman sa tiyan.

B. KATAWAGAN NG MGA KAGAMITAN SA PANGINGISDA (Sample only)

LARAWAN NG MGA KAGAMITAN	KATAWAGAN NG MGA KAGAMITAN SA PANGINGISDA	DESKRIPSYON NG MGA KAGAMITAN SA PANGINGISDA
	Pasul	Ang hawakan ay maaaring gawa sa kahoy o kawayan na may habang tatlong (3) metro. May nakasabit na mataas na nylon sa dulo ng hawakan at sa dulo ng nylon ay may nakasabit na “taga”.
	Taga	Ang taga ay gawa sa matulis at manipis na metal na may nakasabit na pain. Mayroong iba’t-ibang sukat ang taga kung saan ito ay ginagamit ng mga mangingisda para mahuli ang isda .
	Palangre	Isa itong pormang kahon na ginawa mula sa plastik na nilagyan ng naylon sa loob at pinalibutan ng pira-pirasong goma at taga .

	Sintenyal	Makikita ang sintenyal na nakadikit sa taga. Layon nitong akitin ang paningin ng mga isda .Ito ay may iba’t-ibang kulay katulad ng puti,pula at berde.
---	-------------------------	---

B. KLASIPIKASYON NG MGA ISDANG MAKUKUHA AYON SA IBA’T IBANG URI NG KAGAMITAN SA PANGINGISDA (Sample only)

MGA KAGAMITAN	MGA ISDA NA MAKUKUHA	
 Pasol	• Kitong • Balawis • Salampani • Ubod • Tamarong • Asu-os • Bugaong • Talakitok • Bakasi • Kikib • Pang-an	
 Pana	• Danggit • Pugita • Lukon • Nukos • Bagis • Tuna • Tilapia • Ubod • Maya-maya • Kasag • Bangus • Pagi,	• Kitong • Sunghan • Mulmol • Mamsa • Pargo • Kikilo • Dalapugan • Mungit • Mameng

 Palangre	• Tabas • Lagao • Mamsa • Ubod • Maya-maya • Lalagan • Suno • Pugapo • Samin-samin • Bulgan • Pagi • Katambak • Diwit •Malitubong •Pulag-ikog •Pandawan •Manulsog •Ekyang •Barla •Sambagon
--	--

5. Bibliyograpiya

- Abdullah, W (2015) . Local wisdom of the fishermen's language and livelihood traditions in the Southern Coast of Kebumen, Central Java, Indonesia (An Ethnolinguistic Study). Mula sa:
https://www.ijhssnet.com/journals/Vol_5_No_10_1_October_2015/16.pdf
- Gorumba, J. A (2021). Morpolohikal na pagsusuri sa wikang CebWaray. Mula sa:
<https://research.lpubatangas.edu.ph/wp-content/uploads/2022/02/APJMSD-2021-01-007a.pdf>
- Hernandez, T. (2020). Language register in dried fish preservation in calatagan, Batangas, Philippines. Mula sa:
https://www.researchgate.net/publication/346189688_Language_Register_In_Dried_Fish_Preservation_In_Calatagan_Batangas_Philippines
- Komisyon ng Wikang Filipino (KWF), 2024. <https://kwfwikaatkultura.ph/mga-wika-ng-pilipinas/>
- Nakagawa, H. et. al., (2021). Local names of fishes in a fishing village on the bank of the middle reaches of the Kampar River, Riau, Sumatra Island, Indonesia. Mula sa:
https://repository.kulib.kyoto-u.ac.jp/dspace/bitstream/2433/267504/1/seas.10.3_435.pdf
- Ramires, N. et. al., (2015). Fishers' knowledge about fish trophic interactions in the southeastern Brazilian coast. Mula sa: <https://ethnobiomed.biomedcentral.com/articles/10.1186/s13002-015-0012-8>
- Saligang Batas, Konstitusyon 1987, Artikulo XIV, Seskyon 6-9. Mula sa
<https://www.officialgazette.gov.ph/constitutions/ang-konstitusyon-ng-republika-ng-pilipinas-1987/>
- Singh, P.K (2021). Traditional fishing gears and fishing methods used in Koshi River Basin. Mula sa:
<https://nepjol.info/index.php/rjmi/article/download/56408/42191/167325>
- Suatengco, R. T., & Joaquin, H. D. (2019). Eco-translation of local knowledge in developing a trilingual glossary of fishing and aquaculture. Mula sa: <https://aquadocs.org/handle/1834/40950>